

1

Nakangiting bumaba ng hagdanan sa kanyang two-storey house ang dalagang si Anika Angela Alfonso. Sa labas ay makikita ang isang karatulang may neon lights in pink and red— *Triple A Speed Dating House*—ang pangalan ng speed dating company niya ay mula sa initials ng kanyang pangalan. Alas siete na ng gabi iyon, kadalasang ganitong oras ng weekend ang schedule ng kanyang speed dating lalo na para sa mga taong may trabaho.

“Good evening and welcome to *Triple A Speed Dating House!*” bati pa niya sa mga panauhin sa ground floor na may malaking bulwagan na pinasadya pa niya.

Nakapuwesto ang kanyang mga panauhin sa mga lugar kung saan mas komportable ang mga ito. Ang iba ay nakatayo at nakipag-usap sa mga kapwa nila babae o kaya ay lalaki. Ang iba naman ay nakaupo nang may kasama o wala. At ang iba ay kani-kanyang puwesto sa mga sulok ng ground floor. Samantala, nakapuwesto sa reception table ang assistant niyang si Magdalena na sexy pa rin ang suot tulad ng dati. Sabagay, kahihiwalay lang nito sa latest boyfriend

nito.

Napatingin sa kanya ang lahat at namayani ang katahimikan. Alam niyang presentable ang ayos niya katulad ng mga panauhin niyang naka-semi-formal. Iyon ang theme na sinabi na niya sa mga ito bago pa sumali sa event sa pamamagitan ng email o tawag.

“So, are we ready for tonight’s event?” nakangiting tanong pa niya at tiningnan nang isa-isa ang kanyang mga panauhin. Ang edad ng mga ito ay nasa pagitan ng twenty-five to thirty-five kapag Sabado. At kapag Linggo naman, ang edad ay nasa pagitan ng thirty-six to fifty.

“Ready na,” halos sabay-sabay na tugon ng mga participants ng speed dating.

Napasulyap muna siya sa kanyang assistant bago nagpatuloy sa pagsasalita, “I’m Anika and I’m going to supervise our speed dating tonight. You’ve already met my assistant Magdalena. If you need anything, if you want to ask anything, you can approach her anytime. But before we proceed, let me tell you our house rules.

“Una, lahat kayo ay may anim na minuto para makipagkilala at makipag-usap sa respective partners n’yo. Pangalawa, bawal muna ang magbigayan ng

mga contact details n'yo—kahit na gusto n'yo na 'yung kapareha n'yo. Pangatlo, dapat na malaman n'yong round-robin ang sistema natin dito. Ibig sabihin, lahat ng mga babae ay makakapareha ang lahat ng lalaki. You have to assess kung sino ang napipili n'yo. In the event that two people have the same choice, ang nasabing tao na napili, si lalaki o si babae man, ay ang siyang pipili. And last but not the least, walang violence at bad or harsh words. Nagkaintindihan ba tayo?” Habang nagsasalita ang dalaga ay kumukumpas siya sa ere at nakipagtinginan sa bawat participant.

“Oo,” tugon ng lahat.

“Okay. Tatawagin ni Magdalena ang pangalan n'yo nang isa-isa at sumunod kayo kung saan kayo dapat na pumuwesto.”

Naka-supervise lamang si Anika habang nag-umpisa nang tawagin ng assistant niya ang pangalan ng kanilang mga panauhin sa gabing ito. Sinenyasan na niya ang catering personnel na ihanda ang mga pagkain at inumin sa buffet table.

Ngumiti siya nang makitang maayos ang event sa gabing ito. Lahat ng scheduled guests niya ngayon ay kompleto.

Sana bukas rin, naisip pa niya at nang magkapera naman siya. Pinapabayad na kasi niya ang mga attendees pagkaparehistro ng mga ito ng isang libo't limang daang piso sa reception table ni Magdalena bago mag-umpisa ang event.

Kailangan niya ng pera dahil kailangan pa niyang magbayad sa bangko para sa car loan niya, suweldo ni Magdalena, bills, groceries sa bahay at pati ang taxes ng kanyang negosyo, bahay at lupa. Dahil sa hindi naman niya pinatulong ang uncle niyang bakla sa mga gastusin bilang kabayaran niya sa pagpapalaki nito sa kanya at pagpaaral hanggang sa makatapos siya ng kursong Business Management. At ang kanyang ultimate dream ay ang makapag-donate ng malaking halaga sa isang orphanage.

Dalawang taon pa lang siya sa kanyang negosyo mula nang maisipan niyang huwag nang maging alipin sa sistema ng mga kompanya na kailangan siyang pumasok nang maaga o kaya ay gabi. Ayaw na niya nang ganoon ang buhay niya hanggang sa kanyang retirement age. Mabuti na ang ganito. Makapagpapasaya pa siya ng mga tao sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na makita ang magiging partner nila sa buhay at makabuo ng pamilya.

But it was ironic. Dahil hindi naman siya

naniniwala sa pag-ibig. Siguro kung compatible lang ang dalawang tao, puwede na silang magsama. Pero kahit ganoon man ay may oras ding magsasawa sila. At ano naman pagkatapos? Kaya naniniwala siyang ang pag-aasawa ay para lang magkaroon ng anak, magkaroon ng bagong henerasyon sa pamilya, magkaroon ng katulong para mairaos ang hirap sa buhay at pakikipagniig kung kinakailangan.

Kaya siya ay walang boyfriend sa edad na dalawampu't walo. At hindi pa niya nakikita ang lalaking magpapatibok sa kanyang puso.

Sa isang club sa Makati ay nagkaroon ng gulo. Nakipagbasagan ng mukha ang binatang si Byron Trinidad. Kasama niya ang pinsang si Kel at kaibigang si Nix. Nadamay ang mga ito dahil sa kanya nang awatin sila ng dalawang bouncers ng club at ng mga taong naroroon.

“Gago ka pala, eh!” sigaw niya sa kalabang hindi kilala. “Kung di ka lang tanga!”

Nag-iinuman lang silang tatlo ng mga kasama niya at natapunan lang siya ng kaunting beer ay kaagad na niyang pinagsusuntok ang tao. Kaya sumali na rin sa kanila ang mga barkada nito at noon din ay

nadamay na sina Kel at Nix.

“Hindi ko nga sinadya ’yun, eh! May bumangga sa ’kin kaya kita natapunan!” pasigaw rin na tugon ng isa.

Kapwa sila inaawat ngayon. Nasira na nila ang ilang silya at nabasag ang ilang bote ng hard drinks at mga baso.

“What’s this all about?” galit na tanong ng isang babae na may kasamang lalaki na malaki ang katawan. Nakapamaywang pa itong palipat-lipat ng tingin sa mga lalaking inaawat ngayon. “Don’t tell me it’s another trivial matter, Byron.” Matalim siyang tiningnan nito.

Napatitig at bahagyang nag-relax si Byron nang makita ang kanyang pinsang si Pearly. Mas matanda ito sa kanya nang limang taon. Mahaba ang buhok nitong nakalugay lang at ang suot nito ngayon ay puting sleeveless at itim na miniskirt na hapit sa balakang nito.

“Pearly, I didn’t start it,” umiiling na sabi niya.

“*Ikaw* kaya ang nauna!” singit pa ng nakalaban niyang lalaki na ngayon ay inaakay ng mga kasamahan dahil sa nasaktang binti nito pagkatapos ng malakas na tadyak na ibinigay niya rito. Bakas sa mukha nito

ang iniindang sakit.

“Tumahimik ka! *Ikaw* ang unang nanuntok sa ’kin!” baling pa niya rito.

Napataas ng mga kamay ang kanyang pinsang babae. “Will you both shut up? You messed my club tonight! Look what you’ve done! Who’s gonna pay for all of this mess?” galit na sumbat nito.

“Hindi ako nagsimula ng away, Miss. Itong taong ’to ang dapat na magbayad,” tugon pa ng nakalaban ni Byron.

Humarap si Pearly sa pinsan. Matalim ang tingin na ipinukol nito sa kanya. “I won’t tell Mom about this. But you have to pay for all of this, understood?”

Napalunok si Byron sa kanyang narinig. Mauubos na naman ang kanyang allowance sa buwang ito kung babayaran niya ang mga nasirang gamit ng club. Napatungo siya nang ilang sandali at saka napasulyap kina Kel at Nix.

Magkapatid sina Kel at Pearly at malapit na mga pinsan niya ang mga ito. Pero kapag ganitong wala sa mood ang babae at may kasalanan siya ay tila siya isang bata na grounded ayon sa kanyang mga magulang. Well, it wasn’t literally. Ang nag-iisang tita niya—ang biyudang ina ng dalawa niyang pinsan—

ang may hawak sa lahat ng pera niya pagkamatay ng kanyang mga magulang. Ito ang hahawak ng kanyang trust fund hanggang sa siya ay mag-asawa sa edad na treinta.

Ngunit treinta na siya at dalawang buwan na ang nakalipas nang mag-birthday siya. Dapat na siyang mag-asawa, ayon sa last will and testament ng kanyang mga magulang, ngunit hindi pa rin sa daang iyon napapako ang kanyang atensyon. Ayaw niyang magkaroon ng commitment sa mga babae dahil ayaw niya sa mga ito. At gusto muna niya ng mga gimikan, magsawa sa kanyang pagkabinata at magsaya nang todo—kung sakaling sa pag-aasawa talaga ang kanyang bagsak.

“Sige, linisin n’yo na ang lahat at palabasin ang mga nanggulo rito,” utos pa ni Pearly na umalis na. Sumunod naman ang mga tao nito.

Pinalabas silang mga nanggulo sa club at siniguro ng mga bouncers na walang round two na mangyayari sa labas. Buti na lang at umalis na kaagad ang grupo ng kanilang nakaaway. Narinig pa ng binata na pupunta muna sa ospital ang mga ito.

“O, ano? Okay lang ba kayo?” tanong pa niya sa dalawang kasamahan, mga loyalists niya kahit papaano.

“Hindi ko alam kung hindi talaga ito makakarating kay Mommy, Byron. I have to tell you that my mom has her eyes and ears everywhere when it concerns you,” naiiling na turan pa ni Kel sa kanya. Nasa driver seat ang pinsan niya at katabi siya nito habang sa back seat naman nakaupo si Nix na tamad na nakasandal. May putok sa labi si Kel at may maliit na sugat sa kilay si Nix. Tanging siya lang yata ang walang pasa o anuman. Kunsabagay, marunong siya ng martial arts at palagi niya iyong ginagamit kapag gusto at kailangan niya.

“Sana nga’t hindi malaman ni Tita. Hindi ako mabibigyan ng allowance sakali mang makarating ito sa kanya.”

“Hah! Talaga lang! At baka madadamay na naman ako niyan,” naiiling pang sabi ng pinsan niya habang pinaandar ang kotse. Isang civil engineer si Kel, malaki ang kita kada buwan pero dahil sa luhong pagkokolekta ng mga kotse ay parating kapos ang pera nito kung kaya binibigyan din ito ng allowance ng ina.

“Paano kasi, palagi ka rin namang nakadikit sa ’kin,” pabirong sabi pa niyang ngumisi sa pinsan. “At ikaw rin,” lingon pa niya kay Nix.

“Lalala lang ito kapag seryosong nasaktan ’yung

kalaban natin. Sigurado akong babalik ang mga iyon sa club dahil alam na nilang kilala ka ni Pearly,” naiiling na komento ni Nix mula sa likuran.

Napalingon ang binata rito. “What do you mean?”

“Sa tingin ko, nabali mo ’yung binti n’ung tao.”

Si Nix ay anak ng congressman sa Laguna at kasalukuyang nagtatrabaho bilang arkitekto sa isang tanyag na kompanya sa Makati.

Pareho silang architect ngunit hindi siya nagpa-practice sa kanyang napag-aralan. Tamad siya. Wala siyang trabaho. Isa pa, hindi na niya kailangan pang magtrabaho dahil mayroong well-managed sardines at furniture exportation businesses ang kanyang mga magulang na ipinamana sa kanya—well, not yet. Dahil ang tita pa niya ang may hawak ng lahat ng kanyang assets at trust fund at binibigyan lang siya nito ng allowance kada buwan.

“Sa tingin mo ba?” tanong pa niya sa kaibigan nang nagsalubong ang mga kilay.

Kumibit-balikat ito. Ibinalik ni Byron ang pansin sa daan. Napadili-dili siya. Paano kung tama si Nix? May pananagutan siya sa kanyang kalaban kahit di niya aminang siya ang naunang gumawa ng gulo dahil sa simpleng pagkatilapon ng beer nito sa mamahalin

at bago niyang polo shirt.

“Mas mabuti pang umuwi na tayo. Sama ka na lang sa 'min, Nix. Doon na lang tayo mag-inuman,” suhestyon ni Kel.

“Get up, you piece of shit!” galit na sigaw ng Tita Sheila niya. Hinahampas nito ang kanyang matipunong braso at puwitan.

Nakahiga si Byron sa kanyang kama sa kuwarto niya. Naka-boxer shorts lang siya. Magulo ang kanyang tulugan, nasa sahig na ang kanyang kumot at isang unan ay nasa paanan na niya.

“Tita! Ano na naman po ba?” tanong niyang umiwas sa bayolenteng tiyahin. Kapag galit ito ay halos bugbugin na siya. That was one of the reasons why he hated women. Mula noong quince pa siya, noong namatay ang mga magulang niya sa train crash sa Europa, ay ganito na kung tratuhin siya ng tiyahin.

Nakapamaywang itong nakamasid sa kanya habang marahan siyang bumangon.

“You have the nerve to ask me, young man. Bakit, akala mo ba hindi ko malalaman ang nangyari sa club ni Pearly kagabi?”

Napamaang siya.

“Yes. And don’t give me that look. You better regret it. Kailangan nating bayaran ang taong binugbog mo. For God’s sake! You broke his tibia! Sinemento ’yung binti niya. And he’ll be in that condition for months! And he’ll sue you for physical injuries. Kailangan kong i-pacify ’yung biktima mo at ang pamilya niya,” nanggigigil na pahayag ng matanda.

Napabuntong-hininga ang binata at napasuklay sa kanyang buhok gamit ang kanyang mga daliri. May bahagyang hangover siya dahil sa inuman nila nina Kel at Nix sa terasa ng kuwarto niya nang nagdaang gabi. Napasapo tuloy siya sa kanyang ulo.

“I can’t seem to take this anymore. Ilang beses na ba itong nangyayari? Simula high school ka, ito na ang problema ko sa ’yo. Napakabasagulero mong bata ka! Kailan ka pa ba titigil, ha?”

The nag again, naisip niya. Another reason why he hated women. Lahat sila ay nagger. Maybe he wouldn’t marry ever. Kung ganito ba ang mapapangasawa niya ay bahala na kung habang-buhay siyang mamumuhay sa pamamagitan ng allowance kada buwan. Siguro ay pag-aaralan na lang niyang mag-budget at nang hindi siya kukulangin sa mga kakailanganin niya.

“I wonder what I’m gonna do with you!” Pagkasabi niyon ay nilisan na ni Tita Shiela ang kanyang kuwarto.

Napabuntong-hininga siya. “It’ll be a hell of a Sunday,” nasabi niya sa sarili. Pumasok ang isang may-edad na kasambahay upang ayusin ang kanyang silid. Bumaba siya ng kama at nagtungo sa banyo upang makapag-shower.

Nang siya ay nakapagbihis na ay lumabas na siya ng kuwarto upang magtungo sa komedor para mag-agahan. Narinig niyang may kausap ang tita niya, si Pearly. Tanging ito lang ang hindi nakatira sa malaking bahay ng kanyang tiyahin dahil may sarili itong condo unit na tinutuluyan.

“Di ko na alam kung ano’ng gagawin ko sa pinsan mo, Pearly. At di mo pa sinabi sa akin na nangyari iyon sa club mo,” may panunumbat sa tinig na sabi nito sa pinsan niya. Sinulyapan lang siya nito nang umupo siya sa kanyang puwesto habang tahimik lang na kumakain si Kel at naroon na rin si Nix sa tabi nito. Huminto sa pagsasalita si Tita Shiela. Sa tantya ng binata ay may sinasabing paliwanag ang kanyang pinsang babae sa kabilang linya.

“Fine. Just help me get him straightened out. Ikaw na ang bahalang kumontak sa kanya at ako

Rules In Speedy Love - Darlene Bollon

na ang bahala sa basagulero mong pinsan. 'Bye.' Inilapag nito sa tabi ang cellphone upang tingnan siya nang derecho. "You're going to a speed dating event next weekend, Byron. And you can't say no."

Parang sinabuyan ng malamig na tubig ang mukha ng binata. Namutla siya sa kanyang narinig.

Speed dating? Who the hell goes to such an absurd event? Nakasimangot na napaisip siya at nakita rin niya ang pagka-shock sa mga mukha nina Kel at Nix.

2

Triple A Speed Dating House. This is Anika. How may I help you?” anang dalaga nang siya ang makadampot ng telepono sa reception area dahil nagtungo saglit sa banyo ang kanyang assistant.

“Hi! Uhm... I’d like to ask some advice... or rather a favor,” sabi ng babaeng boses sa kabilang linya.

Napangiti ang dalaga. “Yes, Ma’am. How can I be of service?” tugon niya nang malumanay.

“I have someone in mind that I’d like to send to your dating service company, but... the thing is that... he hates it,” anito na medyo nag-aalalangan.

“Oh! Then, I’m afraid I can’t help you with that, Ma’am. The guest should be at least interested to meet new people here. If he’s going to be here and mess up—”

“Sorry if I have to butt in, but I promise that he’ll do no such thing. And you can name your price if he’ll successfully find someone to... you know... date perhaps, at least, if he’ll not marry her?”

Hindi kaagad makasagot ang dalaga. *Name my price?* Parang kinikiliting napaisip siya nito. Puwede na siyang makapagbayad ng full payment kaagad sa kotse niya, mga bills, groceries at siguro ilang luho rin. At makapag-donate na siya sa isang orphanage na gustung-gusto niyang gawin matagal na. Subalit nang tila nahimasmasan ay naipilig niya ang kanyang ulo. Hindi siya dapat mag-take advantage sa isang kliyente.

“I can’t name my price, Ma’am. I’m not even sure if I can be of assistance to...” umpisa pa niya.

“I know that he’s detestable like a Nazi is nice enough to put it... dahil basagulero siya, woman-hater at irresponsible. Lahat na siguro ng negative ay nasa kanya na. Pero gusto ko talagang may makilalang babae ang lalaking ito na makapagpaamo sa kanya, if not emotionally, kahit physically man lang.”

Napamaang si Anika. Nakita niyang palapit sa kanya si Magdalena. Umarko ang isang kilay nito sa di masabing tanong at sumenyas siyang mamaya na.

“Wouldn’t he be difficult to manage in the event then?” Medyo alinlangan pa rin siyang tulungan ang tila desperadang kausap sa telepono. “I’m really—”

“If I beg you to do this and I’ll give you at least

three million pesos, will you take it? At kung mas satisfactory ang magagawa mo para sa kanya, then I'll give you more, perhaps two million pesos? That's if you want it. And I really need you to do this!" mabilis na dagdag pa nito sa kabilang linya.

Napabuntong-hininga ang dalaga dahil sa kanyang narinig. *Of course, it was tempting*, naisip pa niya. Pero dapat kaya siyang mapasubo rito? At mukhang napakaimportante ang bagay na ito para sa kausap at gusto na rin niyang makatulong kahit papaano. Kung kaya napilitan na lang siyang sumang-ayon.

Masayang-masaya naman ito sa desisyon niya.

"I can't promise you that everything will work as you wish, but I'll do my best." Pagkababa niya ng telepono ay humarap na siya sa kanyang assistant.

Almost a week later...

Napabuntong-hiningang napatingin si Byron sa neon lights ng *Triple A Speed Dating House*. Nasa harap niyon ay nakaparada ang kotse niya at kaiibis lang niya. Nakasuot siya ng formal attire.

"This is ridiculous!" nausal pa niya sa sarili.

Tinapik ni Nix ang kanyang balikat na napatingin din sa signage. “You bet it is, Pare.”

“Pero wala kang magagawa, eh. Frozen na ang lahat ng accounts mo at pinababaan pa ni Mommy ang allowance mo. Matatanggap mo na lang ay sampung libong piso kada buwan at ipapakasal ka niya kaagad sa anak ng amiga niya—and not to mention, hahayaan ka niyang harapang mag-isa ang physical injury case mo—kapag hindi mo pa rin ito magawa, Byron,” paalala sa kanya ni Kel.

Napatingin siya sa dalawang kasama. Dadamayan siya ng mga ito sa event na ito ngayong gabi. Napabuntong-hininga siya at nailing.

“I don’t think I can go through this.”

“Isipin mo na lang ang kasong physical injury na haharapin mo kung hindi ka tutuloy,” maagap na paalala ni Nix.

“That’s it! That’s it! Tutal naman ay hindi kami kasali sa kaso mo,” dagdag pa ni Kel na sumandal sa kotse ni Byron nang nakakrus ang mga braso sa malapad nitong dibdib. Tulad niya ay nakapormal rin ito ng suot pati si Nix. Sa katunayan nga’y ang mga ito pa ang siyang nangulit sa kanya na iyon na ang kanilang isusuot sa gabing ito upang maganda ang

kanilang impresyon sa kababaihang naroroon. Who knows kung mayroon pala silang matitipuhan doon?

Napalunok tuloy si Byron na napabaling-baling ng tingin sa pinsan at sa kaibigan niya. Dahil alam niyang wala siyang choice, itinaas niya ang dalawang kamay tanda ng pagsuko. “Fine! There’s no turning back. And I have to do this to save myself.”

“Go, go, loverboy,” susog pa ng nakangising si Nix.

“Don’t call me that,” inis na saway niya sa kaibigang ngumisi lang sa kanya na tila tinutuya pa rin siya.

Naglakad na sila papasok ng gate at nagtuluy-tuloy sa loob. Nakita nila ang tila may wedding party sa loob. Maraming puting lobo sa halos lahat ng sulok, may flower arrangements, may mga mesang nakapalibot sa bulwagan sa hugis ng puso, pula ang mga mantel piece na terno lahat ang mga mesa, iba’t ibang kulay ng rosas sa flower vases, candelabras na may kulay at mahalimuyak na mga kandila... at ito ang pinakamasamang nakita ng binata. Maraming babaeng nakasuot ng party dresses. Iba’t iba ang tangkad at hubog ng katawan at sigurado siyang iba’t iba rin ang edad ng mga ito.

Napasimangot siya. Naagaw ang kanyang atensyon ng isang sign na nasa reception table: *Please register and pay here*. Nakita niya ang nakatayong babaeng nakatalikod at tila nakikipag-usap sa babaeng nakaupo roon. Nakasuot ito ng backless na puting gown, maganda ang hubog ng katawan, siguro ay pinakamaganda sa mga nakikita niya ngayon dito sa buong bulwagan. Nakapusod ang mahaba nitong itim na buhok. Maputi ito at makinis din ang kutis. Sa madaling salita, talikod-genic ang babae pero napapahanga na siya rito.

Napaangat ng tingin si Magdalena na ikinalito ni Anika kung kaya napaligon siya sa direksyon ng tinitingnan nito. Para siyang nabatubalani nang makita ang tatlong magagandang lalaking naglalakad palapit sa kanilang direksyon. Hanep ang dating.

Kaagad niyang iniwas ang mga mata nang napatingin sa kanyang mukha ang lalaking nauunang naglalakad kaysa sa dalawang kasama. Tila ito ang pinakamakisig at pinakaguwapo sa tatlo. Makapal at tila nakaukit ang mga kilay nito, matangos ang ilong, magagandang matang tulad ng gabi ang kulay, sensuwal na mga labi at maganda ang hugis ng mukha, maganda rin ang tindig at ang paraan nito

kung gumalaw o maglakad at malakas ang sex appeal.

Nakakaloka, tanging naisip pa niya.

“I have a... reservation?” tila may pag-aalinlangang bukas pa ng lalaki na kinausap si Magdalena na nagpapa-cute sa mga bagong dating. At maganda pa ang boses nito.

Pagkarinig niyon ay alam na ni Anika kung sino ang taong ito. Ito ang itinawag sa kanya ng mysteryosang babae halos isang linggo na ang nakalilipas. Palihim niya itong sinusuri ayon sa deskripsyon ng babaeng tumawag noon. Sabagay, hindi naman kaagad nakikita ng mga mata ang totoong ugali ng isang tao.

“Ah, right. Mr. Byron Trinidad?” nakangiting tugon ni Magdalena na pinalabas ang dimples sa magkabilang pisngi nito. Itinulak nito ang isang logbook kung saan susulat ng pangalan ang lalaki.

Bahagyang dumukwang si Byron pagkalingon nito sa mga kasama. Nakita pa ng dalaga na ngumiti ang dalawa bilang pagpapakita ng suporta rito. Nakita niyang nagsulat na ang binata. In fairness, maganda ang handwriting nito.

“So, sila na ba lahat sa gabing ito, Magda?” tanong pa niya sa assistant.

Tumango ang kanyang assistant.

“Welcome, gentlemen. You may take your seats,” baling pa niya sa tatlong lalaki. “We’ll be commencing in a short while.”

“Ano, nakikinig ka ba sa sinasabi niyang mga house rules?” pabulong na tanong ni Kel sa kanya, nakaupo sila sa isang corner. Napansin pala nitong titig na titig lang siya sa hostess ng event.

“Oo naman!” nakasimangot na tugon niya sa pinsan.

“Di ko akalaing siya pala ang nagma-manage rito,” nakangising sabi ni Nix.

“Naku, hindi siya basta nagma-manage rito. Siya ang may-ari sa speed dating service company na ito,” sabad pa ng isang babae na nasa katabing mesa nila. Nasa mid-thirties ang edad nito, ngunit parang mas matanda itong tingnan dahil sa katabaan nito.

Napatingin sila rito at saka nagkatinginan sa isa’t isa. Nakataas naman ang mga kilay ni Byron sa narinig. Bago pa siya makapagsalita ay narinig nilang tinatawag ang pangalan nila nang isa-isa at pinapuwesto sila ayon sa kanilang designated tables.

Rules In Speedy Love - Darlene Bollon

Ang kababaihan ang siyang maiiwan sa kani-kanyang mesa samantalang ang kalalakihan naman ang siyang maglilibot sa bawat mesa kada pagkatapos ng kanilang round.

Maganda ang unang nakapareha ni Byron. Napasulyap pa siya sa may-ari ng speed dating service company. Mas maganda ito. Sa katunayan nga, pinakamaganda sa mga naroroon. Pero bakit kinukumpara niya ito sa lahat? Bakit parang wala siyang galit na nararamdaman ngayon para sa mga babae lalo na kay Anika?

“Excuse me? Did you hear what I said?” untag ng babaeng nasa harap niya sa maliit na parisukat na mesa.

“No, I didn’t. Sorry. I was... quite preoccupied,” turan niya. But he wasn’t sorry at all. Sinusunod lang niya ang house rules na huwag maging rude o harsh sa kanyang speed date. Or else, pag nalaman ito ng kanyang tiyahin, talagang lagot siya.

Inulit ng babae ang information tungkol dito; Denise Quitano ang pangalan, Mass Communication graduate at isang radio DJ.

Nakikinig naman ang binata ngunit parang palaging hinahatak ang kanyang paningin sa babaeng

nakatayo sa isang sulok. Mala-anghel ang mukha nito, magaganda ang kilay at pilik, pati ang mga mata nitong kulay tsokolate, maliit ngunit matangos na ilong, makipot na bibig, may taas na 5'2" yata at nakakabighani ang alindog.

Nakikita niya ang paraang kumpiyansa nito sa sarili. At sigurado siyang alam nito ang ginagawa katulad ng negosyo nito.

“Parang nakatuon lang sa iisang direksyon ’yang paningin mo. Milagro ’ata,” puna pa ni Magdalena kay Anika na nakatayo sa isang sulok at nag-oobserba. Nakaismid ito nang malingunan niya.

“At di ba dapat nagsu-supervise ka sa mga guests natin? Bakit mo ba ako pinag-aaksayahan ng panahon rito?” nakataas-kilay na sumbat niya.

“Hmm... parang ang guwapong iyon ang tinitingnan mo, eh,” patuloy pa nitong ininguso ang direksyon ni Byron na tila hindi narinig ang sumbat niya. “Hmm... sige, okay na lang sa ’kin kahit ako ang unang nakakita sa kanya. Siguro, ’yung isa o ’yung isa na lang ang para sa ’kin.”

“Hoy, bruhita! Hindi ikaw ang guest. Assistant kita rito. Kung sasali ka sa event, magbayad ka sa

'kin," pagtataray pa niya saka humalukipkip, sabay irap sa kausap.

"Pustahan tayo. Ang lalaking iyan, walang mapipili sa mga kliyente natin," prediksyon pa nitong pinasingkit ang malalaking mata habang nakatingin kay Byron.

Napalingon siya rito. "At bakit mo naman nasabi 'yan? Naka-arrange na ang mga magaganda rito ayon sa plano natin. Maliban na nga lang sa matabang iyan dahil gusto niyang present siya palagi. Pero hanggang ngayon ay wala pa rin siyang napupusuan..."

"Sabihin mo, wala pang lalaking napupusuan si Carrie." pagtatama nito sa kanya. Si Carrie ay isang matabang babae na wedding planner.

"Ay, kung makapanglait ang bruhitang ito. Porque ba maganda ka?" Saka siya umiwas ng tingin. "Kaya lang, madalas iwanan ng mga lalaki."

"Hoy, buti na lang iyon kaysa sa walang boyfriend since birth! Wala pang nanligaw sa 'yo dahil ang isnabera mo," katuwiran pa ni Magdalena.

Tinaasan niya ito ng kilay. "Buti na 'yon at hindi sasakit 'yung heart ko. Eh, ikaw? Pag iniwan ka na ng mga ex mo, panay ang lasing mo at pagpapa-cute sa mga guests natin, eh, wala namang pumapansin

sa 'yo," balik niya rito. "Sige na, umalis ka na rito. May tumatawag sa 'yo, o." Ininguso pa niya ang isang mesa na isang lalaking nagtataas ng kamay upang makuha ang kanilang atensyon.

Inirapan siya ng kanyang assistant at nagmartsa na patungo sa kanilang kliyenteng nangangailangan ng serbisyo. Umismid lang si Anika. Napatingin siyang muli sa kinaroroonan ni Byron. Mataman naman itong nakikinig sa speed date nito.

Siguro ay di naman ito masyadong masama, ayon sa babaeng tumawag sa kanya. Pero sino kaya ang babaeng tumawag sa kanya upang mabago ang lalaking ito? Kaanu-ano nito si Byron? Hindi kaya may hidden desire ang babaeng iyon sa binata? Pinapaamo pa kaya muna nito ang huli bago ito maangkin?

Naipilig niya ang ulo dahil kung anu-ano ang pumapasok sa kanyang isip.

Nakalipat na ng pang-apat na mesa ang binata at nakamasid lang si Anika rito. Paminsan-minsan ay nagkakasalubong ang kanilang mga mata, ngunit hindi niya nababasa kung ano ang iniisip ng lalaki o kung ano ang nararamdaman nito ngayon.

Naputol ang kanyang pagmamasid nang may

taong tumabi sa kanya.

“O, kumusta ang event mo ngayong gabi?” tanong sa kanya ng metrosexual ang dating na bading na uncle niyang nasa fifties na. Unang tingin ng tao ay hindi aakalaing bakla si Felix ngunit babae pala ito sa loob.

“Okay naman po, Uncle,” tugon ng dalaga nang lingunin ito.

Napasimangot si Byron nang makita ang may edad na lalaking lumapit sa magandang may-ari ng speed dating service company. Napatanong siya kaagad sa kanyang isipan kung ano ang relasyon ng dalawa. Mukhang malapit ang mga ito sa isa’t isa.

“I think you’re not interested with speed dating here. I think you’re more interested with the owner,” turan pa ng kanyang speed date na magandang morena. Slim ito at magaganda rin ang labi at ngiti.

Ngunit bakit parang wala itong dating sa kanya? Kinapa niya ang sarili. Was he interested with the owner of this speed dating house? Para siyang maaalibadbaran sa kanyang nararamdaman, pero ang atraksyon niya para sa babae ay nananaig. Was he going to consider the marriage path? Napalunok siya

Rules In Speedy Love - Darlene Bollon

sa maaaring kasagutan ng kanyang mga katanungan
at hindi niya gusto ang mga posibilidad.

3

Kinabukasan ay tinawagan ng mysteryosang babae si Anika upang tanungin kung may nagustuhan si Byron. Ngunit sinabi niyang wala kung kaya tinanong niya ang tipo nitong babae.

“Ha? Eh... di siya minsan nagka-girlfriend. Di ko nga alam kung anong type niyang babae. Kaya naisipan ko siyang pasalihin ng speed dating. Baka may makita siya diyan sa mga kliyente mo, di ba? I’m sure hindi lahat ng mga sumali sa event ay mga pangit.”

“Of course not,” depensa niya. “May magaganda. Kaya lang, kalimitang may mga standards silang hinahanap kaya ang iba’y gustong mag-explore sa speed dating, which is good for my small company. Pero ipinareha ko na siya sa mga magaganda kong kliyente. Sa katunayan nga, halos lahat sila ay nashedule ko kagabi para sa kanya. Nakausap naman niya ang mga ito. Pero... wala talaga, eh. May nagreklamo pa sa ’king hindi siya nakikinig sa mga ka-speed date niya, eh. Ano ba’ng magagawa ko sa para kanya?” turan niya sa kausap habang sinusuklay ang buhok sa harap ng salamin ng kanyang tokador.

Narinig niyang bumuntong-hininga ang babae sa kabilang linya.

“Kulitin mo kaya siya? I’ll give you his private number,” suhestyon nito.

“S-sige. Pero di ko talaga alam kung paano siya pakikiharapan pagkatapos kagabi. Derecho lang siyang umuwi kasama ’yung mga kaibigan niya. Wala man lang feedback o ano,” nakasimangot na kuwento ni Anika.

“That’s him. He really doesn’t want to have anything to do with women. Pero dapat, iyon ang solusyon sa pagkairesponsible niya. Hindi naman siya bakla. Kilala ko siya,” giit pa nito.

“Well, I don’t doubt that. Ang kisig kaya niya. Pati nga mga kaibigan niya, eh. Pero may mga metrosexual. Sa tingin mo, hindi bading pero iyon pala’y gusto rin ang lalaki para maging boyfriend—”

“Hindi nga siya bakla. He just has these issues with women na di ko alam,” maagap na sabad ng babae.

“Bakit hindi mo na lang kaya siya patingnan sa psychiatrist o psychologist? Baka may problema sa isipan...”

“Of course not! He’s quite normal. He’s just despicable!”

Napabuntong-hininga si Anika. “Sige, sige. Titingnan ko kung ano’ng magagawa ko. May date’yung mga guests ko ngayong gabi na ako ang mag-aasikaso. Iisipin ko pa kung ano’ng puwede kong gawin sa lalaki mo, okay?”

“Hindi ko siya lalaki.”

“Oh, sorry for that. Di ko lang kasi alam ang relasyon n’yong dalawa. Sigurado ka bang... wala kang... gusto sa kanya? Bakit parang desperada kang magkaroon siya ng girlfriend?” Hayun, naitanong niya rin sa wakas.

“I don’t want him to know that I’m doing this for him. Kaya mas mabuti nang hindi mo alam kung ano ang relasyon ko sa kanya at kung sino ako. Okay?” tugon nito nang derechahan.

All right, that was settled. Pero mysteryosa pa rin para kay Anika ang babaeng iyon. Natapos na rin ang kanilang usapan.

Napailing siya. Nagtungo na siya sa banyo upang maligo bago makapag-almusal. Nasa pangalawang palapag din lang ang komedor dahil nasa unang palapag ang kanyang speed dating house.

“So, what happened to that man last night?” naitanong ng kanyang Uncle Felix.

Napaarko ang kanyang kilay rito. “Which one?” aniya habang hinihiwa ang hotdog na nasa plato niya.

“That guy! The most attractive one in the room last night.”

Napatawa siya. “Alin nga po sa kanila, Uncle? May gusto ka ba sa isa sa mga kliyente ko kagabi, ha? Ikaw, ha? Kaya ka pala sumilip doon.”

Pero alam naman niyang hindi open ang kanyang tiyuhin sa ganitong usapan. May boyfriend itong bata ngayon pero ni minsan ay di pa niya ito nakita maliban sa pictures. Sinabi nitong ipapakilala nito sa kanya ang nobyo balang araw.

“Sino ba? I-describe mo nga, Uncle.” Ginawa nga nito at nandilat ang kanyang mga mata. Si Byron ang tinutukoy nito! “Uncle, type mo siya?”

“Gaga! Hindi, ano! Hindi ako masyadong naturn on sa mga makikisig na boys. Gusto ko lang iyong tipong slim. ’Yung tulad ko, ano!”

“Eh, bakit ka naman po nagtatanong tungkol kay Byron? Siyempre, malamang interesado ka. Ano pa nga ba’ng iisipin ko?” pagtataray niya rito saka

sumubo na.

“Hay, naku! Graduate ka ng Management pero ang hina ng pick-up mo. Siyempre, nagtatanong ako para sa ’yo. Baka naman p’wedeng ikaw na lang ang makipag-speed date sa kanya,” suhestyon pa nito.

Muntik nang mabulunan ang dalaga sa narinig. Kaagad niyang kinuha ang baso ng orange juice sa tabi ng plato niya at mabilis itong ininom. Minasaha pa niya ang kanyang dibdib dahil doon.

“Uncle, are you nuts? Ako ang may-ari ng speed dating service company. Hindi ako ang kliyente!”

“Di bale, kung ayaw naman niya sa mga guests mo, di ba? May tsansa ka pa sa kanya. Besides, I think he’s a pretty catch,” pahayag ni Uncle Felix.

“Huh? Pretty catch? Ano ako, nangingisda? Uncle, alam mo namang ayaw kong mag-asawa. At lalong ayokong makipagrelasyon sa lalaki.”

“Eh, ano naman ang gusto mo? Tomboy? Babae?” Nandidilat pa ang mga mata nito.

Nailing siya. “That has nothing to do with me not liking guys, Uncle. Ayoko lang masaktan. At kalimitan niyong may mga relasyon na ganyan ay uuwing luhaan. No, not me, Uncle,” nakangiting turan niya.

“I don’t get you. You’re twenty-eight and mature enough to get married. Daig mo pa ang mga teenager na maagang nag-aasawa. Nagkandarapang magkaroon ng pamilya sa murang edad. Ikaw, hindi na mura ang edad mo. Paano kung bigla na lang akong mawawala?”

“Isipin kong nakipagtanan ka sa bata mong boyfriend,” taray pa niya.

“I’m not joking here, Anika! Alam kong ibinigay ka lang sa ’kin ng kung sinuman nang walang mga magulang. Pero hindi iyon ibig sabihin na ang nagmamahalan ay palaging nai-expire ’yung pagmamahalan nila. Nagkataon lang iyon. And it takes two people to make a relationship and make it last!” pahayag nito.

Hindi siya makaimik. Well, siguro ay tama nga ang kanyang uncle. Pero kung iisipin niyang makipagrelasyon, di niya mai-imagine ang sarili. Ngunit biglang lumitaw sa kanyang isipan ang imahe ni Byron. At naroroong magkasama sila at magkahawak-kamay. Bigla siyang napabitiw sa kubyertos at ang dalawang kamay ay napapalo-palo sa magkabilang bahagi ng kanyang ulo.

“O, ano? Naisip mo ang lalaking iyon kagabi, di ba? Isa pa, napansin ko rin kagabing panay ang sulyap

niya sa 'yo. In fact, hindi siya nakinig sa mga kausap niyang mga babae,” untag ng baklang tiyuhin niya.

“Paano mo nalaman 'yon?”

“May mga mata ako, Anika. Hindi ako bulag. Isa pa, alam ko kung kailan may gusto ang lalaki sa isang babae. Nadaanan ko na ang mga bagay na iyan kahit sa edad kong ito.”

Napabuntong-hininga siya. “Uncle, I can't. Kliyente ko siya. Isa pa, babayaran lang ako ng babaeng may relasyon sa kanya kung mapapaamo siya emotionally or physically.”

Biglang napatawa ang uncle niya na ikinalito ni Anika.

“Ayan naman pala, eh! Kung magagawa mo 'yan at the same time ay magkakaroon ka pa ng boyfriend!”

“Uncle, this is no laughing matter. At wala sa deal namin na...” Bigla siyang natigil. Oo, wala nga sa kanilang deal na hindi puwede ang kung sinong babae lang. Basta magkaroon ng girlfriend o makapag-asawa ang Byron na iyon. Bigla siyang napalunok sa naisip. “Uncle...”

“Yes? Ano'ng naisip mo?” Excited itong marinig ang anumang nasa isipan niyang ideya.

“I think I have to make a sacrifice para matanggap ko ang perang ibibigay sa akin.”

“Gaga! Huwag lang pera ang isipin mo. Gusto kong magkaroon ka na ng totoong love life! Wala akong maipamana sa ’yong anuman bukod sa bahay na ’to kundi ang pangaral na importante sa buhay ng tao, ng katulad mong babae, ang isang taong magiging kaakibat niya hanggang sa pagtanda niya. At paano na kung matanda ka na at wala kang asawa’t anak? Sino’ng mag-aalaga sa ’yo? At isa pa, hindi mo masusubukan kung gaano kasarap ang lovemaking! Hmm?”

Napalunok tuloy ang dalaga. Virgin pa siya. Ayaw niyang marinig ang usaping iyon. Pero kung haharapin niya ang katotohanan, of course, it was part of human nature na gustong subukan ang ganoong aktibidad ng katawang lupa niya. Bigla siyang kinabahan. Talaga bang gagawin niya ang naisip?

“Why do I have to go out with you?” nakasimangot na tanong ng binata nang makita si Anika sa restaurant kung saan sila magkikita. Umupo ito sa kanyang tapat. Wala itong kasama ngayon dahil sa trabaho ang pinsan at kaibigan nito.

“Well, gusto ko lang na ma-expose ka sa mga romantic ambience at atmosphere. Iyon naman ang objective nang sumali ka sa speed dating, di ba?” nakangiting sagot niya.

Napatitig sa kanya si Byron. Nagdududa ang mga mata nitong nakatingin sa maganda niyang mukha. Nakangiti lang siya rito.

“I don’t particularly wanna be exposed to your... err... romantic ambience,” mahinahong pagtanggap nito.

“I’ll teach you the rules in speedy love,” dagdag pa niya. “It’ll be fun. Don’t you wanna have fun?” hamon pa niya. Pilit niyang huwag bitawan ang paningin nito sa mga mata niya.

He snorted. “Rules in speedy love? Is there something like that? Or are you just playing games with me?” anito na sumeryoso. Magkadaop ang mga kamay nito sa ibabaw ng mesa.

Nakita ng dalaga na pumasok ang mga kliyente niyang pinaghirapan niyang magkaroon ng date sa mga oras na ito upang makita ng kanyang kasama ang mga ito at iyon ang oobserbahan nila at gagawin niyang sample para rito.

“Believe me, I’m not playing games with you,”

seryosong tugon niyang bumaling muli kay Byron. Dumating ang waiter upang tanungin sila kung ano ang gusto nilang i-order para sa lunch na iyon. “Look at them. The way they look at each other. Number one rule is to let your partner know that you’re attracted to her. You can’t take your eyes off her,” aniya habang nakamasid sa mga kliyenteng nagngitian sa isa’t isa.

Napatitig lang sa kanya ang binata nang bumaling siya rito. Napalunok tuloy siya. Ang lagkit kung makatingin nito! Bigla siyang na-conscious.

It wasn’t supposed to be like this! mapait na naisip niya. *We’re not the ones who are dating. Gusto ko lang ipakita sa kanya kung ano ang tamang date!* Pilit niyang iniwas ang paningin mula rito para magpatuloy. Nakangiti siya sa kanyang nakita sa dalawang nagdi-date.

“Number two, be a gentleman.”

Nang dumating ang kanilang order ay inabot pa ni Byron ang pagkain nito kahit naroroon ang waiter na nagsisilbi sa kanila. Napalunok tuloy siya sa ginawa nito. Was he being difficult? Bakit parang tila siya ang tinutuya nito ngayon? Pero pinilit niyang ignorahin iyon at nagpatuloy sa pagsasalita.

“Next is to let her know that you’re interested

in everything she says. Makikinig ka kahit di mo feel 'yung pinagsasabi niya. Kahit iba ang gusto niya sa hilig mo. Dapat mag-effort kang malaman ang anuman tungkol sa ideya niya o kaya'y sa paksang gusto niya."

"Like what I'm doing with you right now? You know that I don't like this idea of crash course on rules in speedy love." Nanunuya na talaga ang mga mata nitong nakatitig sa kanya nang magtama ang kanilang mga paningin.

Bigla tuloy siyang nag-blush. And why would she? Hindi na siya isang high school girl na magkaroon ng ganitong reaksyon sa crush niya. Isa pa, hindi niya crush ang lalaki. Napahanga lang siya rito on the way he carried himself.

Don't kid yourself, Anika, sabi ng maliit na boses sa kanyang utak. You're so attracted to him. It's more than a mere crush, in fact. Napalunok siya. Inabot niya ang baso ng tubig at uminom nang walang preno. Napatitig lang sa kanya ang kausap na tila naaliw sa kanyang reaksyon.

"I don't think you're immune to a man's attention," pahayag pa nito.

Muli ay iniwas niya ang kanyang paningin. "That

doesn't have anything to do with your so-called crash course, Mr. Trinidad." Tila bumabalik na nang unti-unti ang kanyang kumpiyansa sa sarili. Dapat na hindi siya magpaapekto. Talunan siya kung susuko siya ngayon. Iisipin na lang niyang para ito sa kabutihan ng orphanage na bibigyan niya ng pera.

"Why don't we pretend to be dating instead?" out of the blue ay suhestyon pa ni Byron.

"Ano? And why would we do that?" She thought the idea was sheer absurdity! Kaya napatawa siya nang sapilitan. Seryoso pa rin ang lalaki.

"If you're an expert in speed dating, surely you know what you're doing. You might even have lots of experiences with men," sabi pa nito. Ngunit parang maanghang itong magsalita sa kanya. Bakit nakapagsalita ito nang ganoon sa kanya? Ano ang alam nito tungkol sa kanya? Tuloy, nakalimutan niya ang kanyang mga kliyenteng nagdi-date ngayon.

"I didn't say that I'm an expert in speed dating. Nagkataon lang na ito ang natipuhan kong negosyo. Is there something wrong with it? I'm just taking the advantage of what makes other people feel happy, which is love. To fall in love, in fact."

Napangisi ito sa narinig mula sa kanya. But it

was a bitter smile. “You think love does exist?”

Paano sasabihin ni Anika ritong hindi rin siya naniniwala sa bagay na iyon? Na pinagkaperahan niya lang ang abstraktong bagay na katulad ng pag-ibig? That she had to sell herself? Ano? Hindi sa ganoong paraan. Kailangan niyang ibenta ang pag-ibig para sa lalaki. Dahil kailangan niyang matanggap ang three million pesos at ang bonus na two million pesos na sinabi sa kanya ng mysteryosang babae.

But this simple business was getting shitty by the time habang kaharap niya ang woman-hater na ito. Or was he really a woman-hater? Baka love-hater lang ito? Para na siyang maloloko sa pag-aanalisa sa binata.

“Of course. Why do people feel happy when they’re in love? I do think it exists.” Pero pagkasabi niya niyon ay bakit parang siya mismo ay naniniwala na ngayong totoo ang pag-ibig? Did he do something to her? Para na siyang loka-loka. Lahat ng mga pinaniniwalaan niya ay tila binabaligtad ng taong ito. At hindi niya gusto ang nangyayaring ito!

Ayaw niyang pahabain pa ito. Para siyang tino-torture kahit di nito alam iyon. At ayaw niyang mabigo kay Byron. Gusto niyang magtagumpay siyang mapaamo ito katulad ng gusto ng mysteryosang

babaeng parati niyang kausap sa telepono.

“Why do people feel happy indeed? I think it’s just a kind of hormone that our body produces. Iyon ang dahilan. Walang ibang bagay kundi ang isang paniniwala lang ng tao. Pag-ibig? That’s an abstract kind of crap! Two people fall in love with each other like crazy? That’s plainly psychological!” katuwiran naman nito.

“Of course, you’re right! And I must admit now that we have the same belief. Hindi totoo ang pag-ibig. But... how would you know if it is truly non-existent, not real if you haven’t felt it yourself yet? You must decide if you have already gone to that dimension, Mr. Trinidad,” ayaw paawat na turan niya. Debate na kung debate.

Pero ‘yun nga lang ba? Bakit ayaw mong aminin na attracted ka sa kanya? singit na naman ng maliit na boses sa kanyang utak.

“That’s a provoking idea you have for me, Miss. Pero paano ko malalaman ang sinasabi mo kung totoo siya o hindi? I don’t find any woman attractive—well, I must admit, except... you.”

Biglang kumabog ang dibdib ng dalaga sa sinabing iyon ng kausap. Ginagap nito ang kanyang

Rules In Speedy Love - Darlene Bollon

kamay. Pilit niyang bawiin iyon pero hinigpitan nito ang paghawak niyon. Tila may kuryente siyang naramdamang nanulay mula roon hanggang sa kanyang puso.

“I think my coming here is not a waste of time, after all. You have just committed to me to show me how to fall in love,” kalmanteng saad nito nang hindi man lang siya makatinag sa kanyang kinauupuan.

Was he serious?